F-Secure Mobile Security™
for S60

1. Pag-install at pagpapagana

Nakaraan na versyon

Hindi mo kailangang tanggalin ang pagkaka-install ng nakaraang bersyon ng F-Secure Mobile Anti-Virus. Tingnan ang mga setting ng F-Secure Mobile Security pagkatapos mong i-install ang bagong bersyon.

Pagi-install

Upang mag-install:

- I-download ang file sa pag-install papunta sa iyong computer at ilipat ito sa aparato,
- I-download ang file sa pag-install papunta sa iyong computer at i-install ang produkto sa pamamagitan ng Nokia PC Suite, o
- I-download ang instalasyon ng direkta sa iyong aparato. Ang instalasyon ay awtomatikong magsisimula.

Makalipag ang instalasyon, buksan muli ang aparato kung hilingin ito mula sa iyo ng instalasyon. Kapag handa na ang pag-install, kailangan mong paganahin ang produkto. Hindi pinoprotektahan ng produktong ito ang iyong aparato kung hindi mo pa ito napagana.

Pagpapagana

Para simulan ang pagpapagana:

1. Buksan ang application. Ipinapakita ang screen ng Pagbati.
2. Pindutin ang **Magpatuloy**.
3. Piliin ang uri ng pagpapagana:
   - Upang paganahin ang produkto na ang Anti-theft lamang na tampo ang aktibo, piliin ang **Anti-theft lamang** bilang ang uring aktibasyon at pindutin ang **Magpatuloy**.
   - Upang makamit ang buo at may lisensya na bersyon, piliin ang **Numero ng Suskrisyon** bilang uri ng pagpapagana, at piliin ang **Magpatuloy**. Ipasok ang iyong numero ng suskrisyon at pindutin ang **OK**.
4. Pindutin ang **Oo** at piliin ang Internet access point upang kumonekta sa serbisyo ng pag?update at simulan ang pagda-download ng mga update.

   Kokonekta ang application sa na-update na serbisyo at isusumite ang iyong numero ng suskrisyon. Sa unang update, ida-download ng application ang pinakahuling definition ng database para sa virus.
5. Makalipas na ma-download ang produkto para sa lahat ng mga kinakailangan na update, natapos na ang application. Pindutin ang **Magpatuloy** upang tapusin ang pagpapagana.

Kapag natapos mo na ang pagpapagana, i-scan ang iyong aparato para sa mga virus upang siguraduhin na malinis ang iyong aparato. Tingnan ang bahagi ng *Pag-scan para sa mga virus* sa ibaba.

Kailangan mong i-scan ang iyong aparato tuwing hihilingin ng application na gawin mo ito.

2. Pag-scan para sa mga virus

Ang application ay umaandar sa background at awtomatiko nitong kinikilatis ang iyong mga file.

1. Ipinaaalam sa iyo ng F-Secure Mobile Security kung ito ay makahanap ng isang virus sa isang aktuwal na pag-scan. Pindutin ang **Oo** upang makita ang mga nahawahang mga file kaagad o **Hindi** upang tingnan ang mga ito mamaya.
2. Ang tanaw ng mga impeksyon ay naglalaman ng isang listahan ng mga nahawahang file sa aparato at kung ang file ay kasalukuyang na-quarantine o pinakawalan.

Upang makita ang lubos pang mga detalye tungkol sa nahawahan na file:

1. Mag-scroll sa nahawahan na file at pindutin ang key ng pampili.
2. Piliin ang **View**.
3. Ang mga pananaw sa mga detalye ng nahawahan ay nagpapakita ng daan at pangalan ng file ng nahawahan na file, at ang pangalan ng virus na may nahawahan na file.

Pagsasaproseso ng mga nahawahang file

Upang maisaproseso ang mga nahawahang file:

1. Sa pananaw ng mga pagkakahawa, mag-scroll sa nahawahan na file na nais mong iproseso.
2. Pindutin ang key ng pampili.
3. Piliin ang isa sa mga sumusunod na kilos:
   - **Tanggaline** - tanggalin ang nahawahang file. Ito ay ang inirerekumendang opsyon. Ang file ay ganap na aalisin mula sa iyong aparato.
   - **Quarantine** - i-quarantine ang nahawahang file kung ito ay hindi pa na-quarantine. Ang na-quarantine na file ay nakakandado at hindi makakapinsala sa iyong aparato kapag nakabukas ang F-Secure Mobile Security.
   - **Pakawalan** - pakawalan ang naka-quarantine na file. Kung pakawalan mo ang file, hindi na ito makakandado. I-access mo ito ng may malay sa pinsala.

3. Pag-iwas sa di-pinapayagang trapiko sa network

Ang firewall sa F-Secure Mobile Security ay tahimik na gumagana sa background. Sinusubaybayan nito ang papasok at palabas na trapiko sa Internet at network, at pinoprotektahan ka laban sa mga pagsubok na manghimasok. Ang mga dati nang tinukoy na antas ng firewall ay nagpapahintulot sa iyo na mapalitan ang antas ng proteksyon ayon sa iyong mga pangangailangan.

Pagpili ng antas ng seguridad

Upang piliin ang antas ng seguridad:

1. Mag-browse sa **Settings** at pindutin ang key ng pampili.
2. Piliin ang **Firewall** mula sa listahan ng pagpipilian sa mga setting.
3. Piliin ang nais na antas ng firewall:
   - **Tanggihan lahat** - itinitigil ang lahat ng mga paglabas-pasok ng trapiko sa network.
   - **Mataas** - nagpapahintulot sa mga pinakamadalas gamitin na mga application at hinaharangan ang lahat ng mga papasok na trapiko.
   - **Normal** - nagpapahintulot sa lahat ng mga palabas na koneksyon at hinaharangan ang lahat ng mga papasok na trapiko.
   - **Payagan lahat** - pinapayagan ang lahat ng paglabas-pasok na trapiko sa network.
   - **Pasadya** - pinapahintulutan ang mga paglabas-pasok ng trapiko sa network batay sa iyong mga pinasadyang patakaran. Upang i-edit ang Upang i-edit ang natakdang pasadya na patakaran, piliin ang **Mga opsyon > I-edit** kapag ang **Pasadyang** antas ng seguridad ay napili.

4. Pagprotekta sa kompidensyal na impormasyon

Sa pamamagitan ng Anti-Theft, maaari mong tiyakin na ang iyong aparato o data na naimbak dito ay hindi nagamit sa maling paraan kung nakawin ang iyong aparato.

Dahil madaling matanggal ang mga memory card, i-imbak ang iyong kompidensyal na impormasyon sa memorya ng aparato na maaari mong makandado at malimas gamit ang Anti-Theft.

Paggamit ng kandado sa aparato

Maaaring i-kandado ng awtomatiko ng Anti-Theft ang iyong aparato kapag ang SIM card sa aparato ay nabago. Ang nakakandado na aparato ay maaaring mabuksan gamit ang iyong lock code lamang.

Upang italda ang kandado ng aparato:

1. Mag-browse sa **Settings** at pindutin ang key ng pampili.
2. Piliin ang **Anti-Theft** sa listahan ng pagpipilian sa mga setting.
3. Ipasok ang **Lock code**. Kinakailangan na kahit man lang 5 character ang haba ng lock code. Itabi ito sa isang ligtas na lugar.

   Pinoprotektahan ng iyong lock code ang mga setting ng Anti-Theft. Kailangan mong ipasok ang iyong kasalukuyang lock code bago mo mababago ang anumang mga setting sa Anti-Theft.

4. Kung nais mong ikandado ang iyong aparato kapag nabago ang isang SIM card, piliin ang **Oo** sa **I-kandado kapag nagbago ang SIM**.

Paggamit ng malayuang Anti-Theft

Sa pamamagitan ng malayuang Anti-Theft, maaari kang magpadala ng SMS na text message na nilalaman ang iyong lock code para sa iyong aparato upang matagpuan ito o ang lock it o wipe code upang limasin ang lahat ng impormasyon na naririto.

Upang itakda ang malayuang pagkandado:

1. Mag-browse sa **Settings** at pindutin ang key ng pampili.
2. Piliin ang **Anti-Theft** sa listahan ng pagpipilian sa mga setting.
3. Kung nais mong magawang ikandado ang iyong aparato mula sa malayo, sundan ang mga tagubilin na ito:
   a. Ipasok ang **Lock code** kung hindi mo pa ito nagagawa.
   b. Buksan ang **Remote lock**.

   Ang nakakandado na aparato ay maaaring mabuksan gamit ang iyong lock code lamang.
4. Kung nais mong magawang limasin ang iyong aparato mula sa malayo, sundan ang mga tagubilin na ito:
   a. Ipasok ang **Wipe code**. Kinakailangan na kahit man lang 8 character ang haba ng wipe code. Itabi ito sa isang ligtas na lugar.
   b. Buksan ang **Malayuang paglimas**.

   Kapag nalimas na ang aparato, lahat ng data na nai-imbak dito ay matatanggal.

Upang ikandado o limasin ang iyong aparato mula sa malayo:

Ipadala ang sumusunod na SMS na text message sa iyong aparato.

- Upang ikandado ang aparato, ipadala ang:

  `#LOCK#<lock code>` (Halimbawa: `#LOCK#abcd1234`)
- Upang i-wipe ang aparato, ipadala ang:

  `#WIPE#<wipe code>` (Halimbawa: `#WIPE#abcd1234`)
- Upang matagpuan ang aparato, ipadala ang:

  `#LOCATE#<lock code>` (Halimbawa: `#LOCATE#abcd1234`)

Ang Anti-Theft ay hindi nagtatabi ng kahit na anong location ng data, ang impormasyon lamang ng location ay ang SMS text message na ipinadala sa iyo.

5. Pagpoprotekta sa pag-browse sa web

Ang proteksyon sa pag-browse ay nagpoprotekta sa iyo mula sa mga web site na maaaring nakawin ang iyong personal na impormasyon, kasama na ang mga numero ng credit card, impormasyon ng user account, at mga password.

Tinitingnan ng proteksyon sa pag-browse ang mga web site na iyong bina-browse gamit ang default browser ng iyong aparato. Kung gumagamit ka ng kahit na anong ikatlong panig na browser, ang proteksyon sa pag-browse ay hindi nagpo-protekta sa iyong pag-browse sa web.

Isara ang web browser at limasin ang cache nito bago mo simulang gamitin ang proteksyon sa pag-browse.

Upang buksan ang Proteksyon sa Pag-browse:

1. Mag-browse sa **Settings** at pindutin ang key ng pampili.
2. Piliin ang **Proteksyon sa Pag-browse** sa listahan ng pagpipilian sa mga setting.
3. Buksan ang **Proteksyon sa pag-browse**.
4. Sa **Network na gagamitin**, piliin kung nais mong gamitin ang Proteksyon sa Pag-browse parati o kapag ikaw ang nagba-browse lamang sa web sa iyong sariling network na operator:
   - Piliin ang **Aking operator lamang** upang gamitin ang Proteksyon sa Pag-browse kapag ginagamit mo lamang ang iyong sariling network ng operator.
   - Piliin ang **Lahat ng mga operator** na setting upang panatilihin ang proteksyong nakabukas kapag ikaw ay bumibiyahe sa labas ng iyong sariling network na operator.

Privacy mode

Ang proteksyon sa pag-browse ay maaaring magpadala ng impormasyon sa mga web site na naglalaman ng mapanganib na nilalaman ng awtomatiko sa pagsusuri upang mapanatili ang kalidad ng serbisyo. Maaari mong piliin kung aling impormasyon ang nais mong isumite upang masuri.

Upang baguhin ang privacy mode:

1. Mag-browse sa **Settings** at pindutin ang key ng pampili.
2. Piliin ang **Iba pang mga setting** listahan ng pagpipilian sa mga setting.
3. Sa Privacy mode, pililin ang
   - Piliin ang **Statistics lamang** upang isumite lamang ang mga statistic ng proteksyon sa pag-browse at ang impormasyon sa koneksyon sa server.
   - Piliin ang **Pahintulutan** lahat upang isumite ang mga statistic at impormasyon sa mga web site na hindi pa nasusuri o naglalaman ng mapanganib na nilalaman.

Para sa pinakamahusay na kalidad ng serbisyo, aming inirerekumenda na panatiliin mo ang iyong privacy mode na **Pahintulutan** *lahat*

Pahayag sa privacy

Ang pagsusumite ng impormasyon ay hindi nagkokompromiso sa iyong privacy.

Kahit na ang nasumiteng impormasyon ay maaaring itinuturing na personal sa ilalim ng ilang mga hurisdiksyon, ang iyong privacy ay protektado habang isinasagawa ang proseso. Aming inililipat ang impormasyon ng ligtas, inaalis ang kahit na anong hindi kinakailangan na personal na impormasyon, at ang proseso ng impormasyon ng hindi kinikilala sa isang pinagsamang format. Sa ganitong paraan, ang impormasyon ay hindi maaaring makonekta sa iyo sa kahit na anong paraan. Walang impormasyon ng user account, walang impormasyon ng IP address, walang impormasyon ng lisensya ang isasama sa impormasyong iyong isusumite. Aming pinoprotektahan ang iyong pagkapribado ng higit pa sa pamamagitan ng paggamit ng encryption kapag naglilipat ng impormasyon.

Ang nasumiteng impormasyon ay ginagamit upang mapahusay ang mga kakayahan sa pagpoprotekta ng aming mga serbisyo at produkto.

6. Pagpapanatiling makabago ang produkto

Mga awtomatikong update

Ang F-Secure Mobile Security ay may kasamang serbisyo ng awtomatikong pag-update, na nangangahulugan na ang database ng pagkikilala sa virus ay regular na naa-update. Tanging ang isang makabagong database sa pagkikilala ng virus ang makakaprotekta sa iyong aparato laban sa mga pinakabagong mga virus. Ang mga awtomatikong update ay paaandarin matapos mong buhayin ang produkto.

Ang application ay nangangailangan ng isang aktibong koneksyon sa Internet para sa mga pag-update. Kapag ang koneksyon sa Internet ay handang magamit, tinitingnan ng application kung kailan pinakahuling na-update ang database sa pagkilala ng virus at nagda-download ng mga bagong update kung kinakailangan.

Mano-manong pag-update

Upang mano-manong i-update ang application:

1. Mag-browse sa **Proteksyon sa Virus** at pindutin ang key ng pampili.
2. Piliin ang **I-update ngayon**.
3. Piliin ang internet access point upang kumoketa sa na-update ng server. Dina-download ng application ang pinakabagong database sa pagkilala ng virus at agad itong ipinatutupad.
4. Kapag tapos na ang pag-update, pindutin ang **Oo** upang i-scan ang iyong aparato laban sa mga virus kung hilingin sa iyo na gawin mo ito. Tingnan ang bahaging *Pag-scan para sa mga virus* sa ibaba.

Mga bersyon ng update

Kapag mayroong bagong bersyon ng bagong F-Secure Mobile Security , may mensahe na magtatanong sa iyo na i-download ito. Awtomatikong magsisimulang umandar ulit ang application kapag nakumpleto na ang update.

Suportang teknikal

Ang main view ng user interface ay nagpapakita ng malawakang pananaw sa seguridad at ang kasalukuyang katayuan.

Kung ipinapakita ng katayuan na ang iyong aparato ay hindi protektado, sundan ang mga tagubilin na ito:

1. Mag-browse sa **Malawakang pananaw ng seguridad** at pindutin ang key ng pampili.
2. Piliin ang item gamit ang pula o dilaw na icon ng katayuan at pindutin ang key ng pampili upang lutasin ang problema.

Para sa karagdagang impormasyon, i-download ang *F-Secure Mobile Security for S60 User's Guide* (handang makuha sa wikang Ingles) http://mobile.f-secure.com/

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa application na hindi tinalakay sa mga gabay o sa online na serbisyo, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na tagapagbenta ng F-Secure o direkta sa F-Secure Corporation.

PAGLILINAW

Ang "F-Secure" at ang simbolong tatsulok ay mga rehistradong markang-kalakal (registered trademarks) ng F-SecureCorporation at ang mga pangalan at simbolo/logo ng produkto ng F-Secure ay mga markang-kalakal (trademarks) o rehistradongmarkang-kalakal (trademarks) ng F-Secure Corporation. Ang lahat ng mga pangalan ng produkto na nababanggit dito ay mgamarkang-kalakal o rehistradong markang-kalakal ng kani-kanilang mga kaukulang kumpanya. Nililinaw ng F-Secure Corporation na hindi nito inaangkin ang pagmamay-ari ng mga marka at pangalan ng iba pa. Bagaman ginagawa ng F-Secure Corporationang lahat ng pagsusumikap upang siguraduhin na wasto ang impormasyon na ito, walang sagutin ang F-Secure Corporation saanumang mga pagkakamali o pagkakalaktaw ng mga katunayan na nakapaloob dito. Inilalaan ng F-Secure Corporation sa sarili nito ang karapatan na baguhin ang mga detalyeng nabanggit sa dokumentong ito nang walang paunang abiso.

Ang mga kumpanya, pangalan at data na ginagamit sa mga halimbawa dito ay kathang-isip lamang maliban kung baligtad angipinahiwatig. Walang anumang bahagi ng dokumentong ito ang maaaring kopyahin o ilipat sa anumang anyo o sa anumangparaan, elektroniko man o de-makina, para sa anumang layunin, nang walang tahasang nakasulat na pahintulot ng F-Secure Corporation.

Ang produktong ito ay maaaring masaklaw ng isa o higit pang mga patent ng F-Secure, kabilang ang mga sumusunod:

GB2353372, GB2366691, GB2366692, GB2366693, GB2367933, GB2368233, GB2374260

Karapatang-kopya © 2009 F-Secure Corporation. Lahat ng karapatan ay nakalaan.